Mga pagbabago sa aming *Listahan ng Gamot*

Ang na-update na *Listahan ng mga Covered na Gamot* ay matatagpuan sa aming website sa blueshieldca.com/medpharmacy2026. Maaari ka ring tumawag sa Customer Service sa mga numerong matatagpuan sa ibaba ng pahina para sa na-update na impormasyon sa gamot o para humiling sa amin na padalhan ka sa koreo ng *Listahan ng Mga Covered na Gamot*.

Ang *Listahan ng Mga Covered na Gamot* ay tinatawag ding *Listahan ng Gamot*.

Gumawa kami ng mga pagbabago sa aming *Listahan ng Gamot*, na maaaring kabilang ang pag-alis o pagdaragdag ng mga gamot, pagpapalit ng mga gamot na sinasaklaw namin, at mga pagbabago sa mga paghihigpit na nalalapat sa aming saklaw para sa ilang partikular na gamot o paglipat sa mga ito sa ibang tier ng pagbabahagi ng gastos.

Suriin ang *Listahan ng Gamot* para **matiyak na ang iyong mga gamot ay masasaklaw sa susunod na taon** at para malaman kung may anumang mga paghihigpit o kung ang iyong gamot ay inilipat sa ibang tier ng pagbabahagi ng gastos.

Karamihan sa mga pagbabago sa *Listahan ng Gamot* ay bago para sa simula ng kada taon. Gayunpaman, maaari kaming gumawa ng iba pang pagbabago na pinapayagan ng Medicare at/o ng estado na makakaapekto sa iyo sa taon ng kalendaryo. Ina-update namin ang aming online na *Listahan ng Gamot* nang hindi bababa sa buwan-buwan para makapagbigay ng pinakanapapanahong listahan ng mga gamot. Kung gagawa kami ng pagbabago na makakaapekto sa isang gamot na iniinom mo, papadalhan ka namin ng abiso tungkol sa pagbabago.

Kung apektado ka ng isang pagbabago sa saklaw ng gamot, hinihikayat ka namin na:

- Makipagtulungan sa iyong doktor (o ibang tagareseta) para makahanap ng ibang gamot na sinasaklaw namin.
 - Maaari kang tumawag sa Customer Service sa mga numerong matatagpuan sa ibaba ng pahina o kontakin ang iyong tagapamahala ng pangangalaga para humiling ng *Listahan ng mga Covered na Gamot* na nakakagamot ng kaparehong kundisyon.
 - Makakatulong ang listahang ito sa iyong provider para makahanap ng saklaw na gamot na maaaring mabisa para sa iyo.
- Makipagtulungan sa iyong doktor (o iba pang tagareseta) at hilingin sa aming gumawa ng pagbubukod na isaklaw ang gamot.
 - Maaari kang humiling ng pagbubukod bago sumapit ang susunod na taon, at bibigyan ka namin ng sagot sa loob ng 72 oras pagkatapos namin makuha ang iyong kahilingan (o ang sumusuportang pahayag ng iyong tagareseta).

Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan ang Blue Shield TotalDual Plan sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. PT, pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang blueshieldca.com/medicare.



- Para malaman kung ano ang dapat mong gawin para humiling ng pagbubukod, tingnan ang **Kabanata 9** ng *Handbook ng Miyembro* o tumawag sa Customer Service sa mga numerong matatagpuan sa ibaba ng pahina.
- Kung kailangan mo ng tulong sa paghingi ng pagbubukod, makipag-ugnayan sa Customer Service o sa iyong coordinator ng pangangalaga. Tingnan ang **Kabanata 2 at 3** ng *Handbook ng Miyembro* para malaman ang higit pa tungkol sa kung paano makipag-ugnayan sa iyong coordinator ng pangangalaga.
- Hilingin sa aming isaklaw ang isang pansamantalang supply ng gamot.
 - Sa ilang sitwasyon, sinasaklaw namin ang isang **pansamantalang** supply ng gamot sa loob ng unang 90 araw sa kalendaryong taon.
 - Ang pansamantalang supply na ito ay para sa hanggang sa 30 araw. (Para malaman ang higit pa kung kailan ka makakakuha ng pansamantalang supply at kung paano ito hihilingin, tingnan ang **Kabanata 5** ng *Handbook ng Miyembro*.)
 - Kapag kukuha ka ng pansamantalang supply ng isang gamot, makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa kung ano ang gagawin kapag naubos na ang iyong pansamantalang supply. Maaari kang lumipat sa ibang gamot na sinasaklaw ng aming plano o humiling sa amin na gumawa ng pagbubukod para sa iyo at isaklaw ang iyong kasalukuyang gamot.

Mga pagbabago sa mga gastos sa gamot

May dalawang yugto ng pagbabayad para sa iyong Medicare Part D na saklaw ng gamot sa ilalim ng aming plano. Nakadepende kung magkano ang babayaran mo sa yugto na kinabibilangan mo kapag kumuha ka o nag-refill ng reseta. Narito ang dalawang yugto:

Yugto 1 Yugto ng Unang Pagsaklaw	Yugto 2 Yugto ng Catastrophic na Saklaw
Sa panahon ng yugtong ito, babayaran ng aming plano ang bahagi ng gastusin ng iyong mga gamot, at babayaran mo ang iyong bahagi. Ang iyong bahagi ay tinatawag na copay. Sisimulan mo ang yugtong ito kapag kinukuha mo ang iyong unang reseta ng taon.	Sa panahon ng yugtong ito, babayaran ng plano ang lahat ng gastusin sa iyong mga gamot hanggang sa Disyembre 31, 2026. Sisimulan mo ang yugtong ito pagkatapos mong magbayad ng partikular na halaga ng mga gastusing mula sa sariling bulsa.

Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan ang Blue Shield TotalDual Plan sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. PT, pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang blueshieldca.com/medicare.



Matatapos ang Yugto ng Unang Pagsaklaw kapag ang kabuuan ng mga gastusing mula sa sariling bulsa para sa mga gamot ay umabot na sa **\$2,100**. Sa panahong iyon, magsisimula ang Yugto ng Catastrophic na Saklaw. Sasaklawin ng aming plano ang lahat ng iyong gastos sa gamot mula sa oras na iyon hanggang sa katapusan ng taon. Tingnan ang **Kabanata 6** ng *Handbook ng Miyembro* para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung magkano ang iyong babayaran para sa mga gamot.

Sa ilalim ng Programa ng Diskwento ng Manufacturer, babayaran ng mga manufacturer ng gamot ang isang bahagi ng buong gastos ng aming plano para sa mga saklaw na Part D na branded na gamot at biologics sa panahon ng Yugto ng Unang Pagsaklaw at Yugto ng Catastrophic Coverage. Ang mga diskwento na binabayaran ng mga manufacturer sa ilalim ng programang Diskwento ng Manufacturer ay hindi kasali sa mga gastusing mula sa sariling bulsa.

D3. Yugto 1: "Yugto ng Unang Pagsaklaw"

Sa panahon ng Yugto ng Unang Pagsaklaw, magbabayad ang aming plano ng bahagi ng gastos sa iyong mga saklaw na gamot, at babayaran mo naman ang iyong bahagi. Ang iyong bahagi ay tinatawag na copay. Ang copay ay nakadepende sa kung nasaang tier ng pagbabahagi ng gastos matatagpuan ang gamot at kung saan mo ito kinuha. Magbabayad ka ng copay tuwing kukuha ka ng reseta. Kung mas mura kaysa sa copay ang iyong saklaw na gamot, babayaran mo ang mas mababang presyo.

Inilipat namin ang ilang mga gamot sa aming *Listahan ng Gamot sa mas mababa o mas mataas na tier ng gamot*. Kung ang iyong gamot ay lumipat sa ibang tier, maaaring makaapekto ito sa iyong copay. Para malaman kung ang iyong mga gamot ay nasa ibang tier, tingnan ang mga ito sa aming *Listahan ng Gamot*.

Ipinapakita ng sumusunod na talahanayan ang iyong mga gastusin para sa isang buwang supply na kinuha sa isang pharmacy na nasa network na may mga karaniwang copay sa bawat isa sa aming 5 tier ng gamot. Ang mga halagang ito ay ilalapat **lamang** sa panahon na ikaw ay nasa Yugto ng Unang Pagsaklaw.

Karamihan sa mga bakuna ng Part D na para sa mga adult ay sinasaklaw nang wala kang babayaran.

Para sa impormasyon tungkol sa mga gastos sa mga bakuna, o impormasyon para sa pangmatagalang supply; o sa isang pharmacy na nasa network na nag-aalok ng piniling cost sharing; o para sa mga reseta na inihahatid sa bahay, pumunta sa **Kabanata 6, Seksyon D** ng *Handbook ng Miyembro*.



	2025 (ngayong taon)	2026 (susunod na taon)
Mga Gamot sa Tier 1 <i>(Mga Piniling Generic na Gamot)</i> Gastos para sa isang buwan na supply ng gamot sa Tier 1 na kinukuha sa isang pharmacy na nasa network	Ang iyong copay para sa isang buwan (30 araw) na supply ay \$0 .	Ang iyong copay para sa isang buwan (30 araw) na supply ay \$0 .
Mga Gamot sa Tier 2 <i>(Mga Generic na Gamot)</i> Gastos para sa isang buwan na supply ng gamot sa Tier 2 na kinukuha sa isang pharmacy na nasa network	Ang iyong copay para sa isang buwan (30 araw) na supply ay \$0 .	Ang iyong copay para sa isang buwan (30 araw) na supply ay \$0 .
Mga Gamot sa Tier 3 <i>(Mga Piniling Gamot na May Brand)</i> Gastos para sa isang buwan na supply ng gamot sa Tier 3 na kinukuha sa isang pharmacy na nasa network	Ang iyong copay para sa isang buwan (30 araw) na supply ay \$0 .	Ang iyong copay para sa isang buwan (30 araw) na supply ay \$0, \$5.10, o \$12.65 .
Mga Gamot sa Tier 4 <i>(Mga Hindi Piniling Gamot)</i> Gastos para sa isang buwan na supply ng gamot sa Tier 4 na kinukuha sa isang pharmacy na nasa network	Ang iyong copay para sa isang buwan (30 araw) na supply ay \$0 .	Ang iyong copay para sa isang buwan (30 araw) na supply ay \$0, \$5.10, o \$12.65 .

Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan ang Blue Shield TotalDual Plan sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. PT, pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang blueshieldca.com/medicare.



	2025 (ngayong taon)	2026 (susunod na taon)
Mga Gamot sa Tier 5 <i>(Mga Gamot na nasa Specialty Tier)</i> Gastos para sa isang buwan na supply ng gamot sa Tier 3 na kinukuha sa isang pharmacy na nasa network	Ang iyong copay para sa isang buwan (30 araw) na supply ay \$0 .	Ang iyong copay para sa isang buwan (30 araw) na supply ay \$0, \$5.10, o \$12.65 .

Matatapos ang Yugto ng Unang Pagsaklaw kapag ang iyong kabuuan ng mga gastusing mula sa sariling bulsa ay umaabot sa **\$2,100**. Sa panahong iyon, magsisimula ang Yugto ng Catastrophic na Saklaw. Sasaklawin ng aming plano ang lahat ng iyong gastos sa gamot mula sa oras na iyon hanggang sa katapusan ng taon. Sasaklawin ng plano ang lahat ng iyong Part D na gamot hanggang sa katapusan ng taon. Tingnan ang **Kabanata 6** ng *Handbook ng Miyembro* para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung magkano ang iyong babayaran para sa mga gamot.

D4. Yugto 2: Yugto ng Catastrophic Coverage”

Kapag naabot mo na ang limitasyon sa gastusing mula sa sariling bulsa na **\$2,100** para sa iyong mga gamot, magsisimula na ang Yugto ng Catastrophic Coverage at wala kang babayaran para sa iyong saklaw na Part D na mga gamot. Mananatili ka sa Yugto ng Catastrophic na Saklaw hanggang sa matapos ang kalendaryong taon.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa iyong mga gastos sa antas ng Catastrophic Coverage, tingnan ang **Kabanata 6**.



E. Mga pagbabagong administratibo

	2025 (ngayong taon)	2026 (susunod na taon)
Karagdagang mga serbisyo ng telehealth: Pagbabago sa pangalan ng vendor at URL	Teledoc blueshieldca.com/teladoc	Teledoc Health blueshieldca.com/teladochealth
Plano sa Pagbabayad ng Reseta ng Medicare	Ang Plano sa Pagbabayad ng Reseta ng Medicare ay isang opsyon sa pagbabayad na nagsimula sa taong ito at makakatulong sa iyong masubaybayan ang iyong mga gastusing mula sa sariling bulsa para sa mga gamot na saklaw ng aming plano sa pamamagitan ng pagkalat ng mga ito sa buong taon ng kalendaryo (Enero-Disyembre).	Kung lalahok ka sa Plano sa Pagbabayad ng Reseta ng Medicare at mananatili sa parehong plano, wala kang kailangang gawin para manatili sa Plano sa Pagbabayad ng Reseta ng Medicare.
Quality Improvement Organization (QIO) pagbabago ng pangalan	Livanta	Commence Health o Pagsimula ng Kalusugan

F. Pagpili ng plano

F1. Pananatili sa aming plano

Umaasa kami na mananatili ka bilang miyembro ng aming plano. Wala kang kailangang gawin para manatili sa aming plano. Maliban kung mag-sign up ka para sa ibang Medicare na plano o lumipat sa Original Medicare, awtomatiko kang mananatiling naka-enroll bilang miyembro ng aming plano para sa 2026.

F2. Pagbabago ng mga plano

Puwedeng tapusin ng karamihan sa mga indibidwal na may Medicare ang kanilang membership sa mga itinakdang panahon ng taon.

Bilang karagdagan, maaari mong tapusin ang iyong membership sa aming plano sa mga sumusunod na yugto:

- Ang **Panahon ng Bukas na Enrollment**, na tumatagal mula Oktubre 15 hanggang Disyembre 7. Kung pipili ka ng bagong plano sa panahong ito, ang iyong membership sa aming plano ay magtatapos sa Disyembre 31 at ang iyong membership sa bagong plano ay magsisimula sa Enero 1.

Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan ang Blue Shield TotalDual Plan sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. PT, pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang blueshieldca.com/medicare.



- Ang **Panahon ng Bukas na Enrollment ng Medicare Advantage (MA)**, na tumatagal mula Enero 1 hanggang Marso 31. Kung pipili ka ng bagong plano sa panahong ito, ang iyong membership sa bagong plano ay magsisimula sa unang araw ng susunod na buwan.
- Dahil mayroon kang Medi-Cal, maaari mong tapusin ang iyong membership sa aming plano anumang buwan ng taon.

Maaaring may ibang mga sitwasyon kung saan ikaw ay karapat-dapat na gumawa ng pagbabago sa iyong enrollment. Halimbawa, kapag:

- umalis ka sa aming lugar ng serbisyo,
- ang iyong pagiging karapat-dapat para sa Medi-Cal o Karagdagang Tulong ay nagbago, o
- lumipat ka kamakailan lang sa o kasalukuyang tumatanggap ng pangangalaga sa isang institusyon (tulad ng pasilidad ng sanay na pag-aalaga o ospital ng pangmatagalang pangangalaga). Kung lumabas ka kamakailan sa isang institusyon, maaari mong baguhin ang mga plano o lumipat sa Original Medicare sa loob ng dalawang buong buwan pagkatapos ng buwan na umalis ka.

Ang mga serbisyo ng Medicare para sa iyo

Mayroon kang tatlong opsyon na nakalista sa ibaba para sa pagkuha ng iyong mga serbisyong Medicare anumang buwan ng taon. Mayroon kang karagdagang opsyon na nakalista sa ibaba sa mga partikular na panahon ng taon kasama na ang **Panahon ng Bukas na Enrollment** at ang **Panahon ng Bukas na Enrollment ng Medicare Advantage** o iba pang sitwasyon na inilarawan sa **Seksyon F2**. Sa pagpili ng isa sa mga opsyong ito, awtomatiko mong tinatapos ang iyong membership sa aming plano.



1. Maaari kang lumipat sa: Ang Medi-Medi Plan ay isang uri ng Medicare Advantage plan. Ito'y para sa mga taong parehong may Medicare at Medi-Cal, at pinagsasama nito ang mga benepisyo ng Medicare at Medi-Cal sa iisang plano. Pinag-iisa ng mga Medi-Medi Plan ang lahat ng mga benepisyo at serbisyo sa parehong programa, kabilang ang lahat ng mga saklaw na serbisyo ng Medicare at Medi-Cal o isang Programa ng Pangangalaga na Lahat ay Kasama para sa mga Matatanda (Program of All-inclusive Care for the Elderly, PACE) na plano, kung kwalipikado ka. Tandaan: Ang terminong Medi-Medi Plan ay pangalan ng pinagsamang dual eligible special needs plan (D-SNPs) sa California.	Narito ang dapat gawin: Tawagan ang Medicare sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-877-486-2048. Para sa mga tanong tungkol sa Programa ng Pangangalaga na Lahat ay Kasama para sa mga Matatanda (Program of All-inclusive Care for the Elderly, PACE), tumawag sa 1-855-921-PACE (7223). Kung kailangan mo ng tulong o higit pang impormasyon: • Tumawag sa Programa ng California sa Pagpapayo at Adbokasya sa Insurance sa Kalusugan (Health Insurance Counseling and Advocacy Program, HICAP) sa 1-800-434-0222, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Para sa karagdagang impormasyon o para makahanap ng lokal na opisina ng HICAP sa iyong lugar, pumunta sa www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling/. O Mag-enroll sa isang bagong Medi-Medi Plan. Awtomatiko kang aalisin sa aming plano kapag nagsimula na ang saklaw ng iyong bagong plano. Magbabago ang iyong Medi-Cal na plano para tumugma sa iyong Medi-Medi Plan.
---	--



2. Maaari kang lumipat sa: Original Medicare na may hiwalay na plano ng gamot ng Medicare	Narito ang dapat gawin: Tawagan ang Medicare sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-877-486-2048. Kung kailangan mo ng tulong o higit pang impormasyon: • Tumawag sa Programa ng California sa Pagpapayo at Adbokasya sa Insurance sa Kalusugan (Health Insurance Counseling and Advocacy Program, HICAP) sa 1-800-434-0222, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Para sa karagdagang impormasyon o para makahanap ng lokal na opisina ng HICAP sa iyong lugar, pumunta sa www.aging.ca.gov/Programs and Services/Medicare Counseling/. O Mag-enroll sa isang bagong plano ng inireresetang gamot ng Medicare. Awtomatiko kang aalisin sa aming plano kapag nagsimula na ang saklaw ng Original Medicare. Hindi magbabago ang iyong Medi-Cal na plano maliban kung humiling ka ng pagbabago.
---	---



3. Maaari kang lumipat sa: Original Medicare na walang hiwalay na plano ng gamot ng Medicare TANDAAN: Kung lumipat ka sa Original Medicare at hindi nag-enroll sa isang hiwalay na plano ng gamot ng Medicare, maaari kang i-enroll ng Medicare sa isang plano ng gamot, maliban kung sasabihin mo sa Medicare na ayaw mong sumali. Dapat mo lang tanggiin ang saklaw ng gamot kung mayroon kang saklaw ng gamot mula sa ibang pinagmumulan, tulad ng tagapag-empelo o unyon. Kung may mga tanong ka tungkol sa kung kailangan mo ng saklaw ng gamot, tawagan ang Programa ng California sa Pagpapayo at Adbokasya sa Insurance sa Kalusugan (Health Insurance Counseling and Advocacy Program, HICAP) sa 1-800-434-0222, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Para sa higit na impormasyon o para makahanap ng lokal na opisina ng HICAP sa iyong lugar, puntahan ang www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling/.	Narito ang dapat gawin: Tawagan ang Medicare sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-877-486-2048. Kung kailangan mo ng tulong o higit pang impormasyon: • Tumawag sa Programa ng California sa Pagpapayo at Adbokasya sa Insurance sa Kalusugan (Health Insurance Counseling and Advocacy Program, HICAP) sa 1-800-434-0222, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Para sa karagdagang impormasyon o para makahanap ng lokal na opisina ng HICAP sa iyong lugar, pumunta sa www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling/. Awtomatiko kang aalisin sa aming plano kapag nagsimula na ang saklaw ng Original Medicare. Hindi magbabago ang iyong Medi-Cal na plano maliban kung humiling ka ng pagbabago.
--	---



4. Maaari kang lumipat sa: Anumang planong pangkalusugan ng Medicare sa mga partikular na panahon ng taon kabilang ang Panahon ng Bukas na Enrollment at ang Panahon ng Bukas na Enrollment ng Medicare Advantage o iba pang mga sitwasyong inilarawan sa Seksyon A.	Narito ang dapat gawin: Tawagan ang Medicare sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Ang mga user ng TTY ay dapat tumawag sa 1-877-486-2048. Para sa mga tanong tungkol sa Programa ng Pangangalaga na Lahat ay Kasama para sa mga Matatanda (Program of All-inclusive Care for the Elderly, PACE), tumawag sa 1-855-921-PACE (7223). Kung kailangan mo ng tulong o higit pang impormasyon: • Tumawag sa Programa ng California sa Pagpapayo at Adbokasya sa Insurance sa Kalusugan (Health Insurance Counseling and Advocacy Program, HICAP) sa 1-800-434-0222, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Para sa karagdagang impormasyon o para makahanap ng lokal na opisina ng HICAP sa iyong lugar, pumunta sa www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling/. O Mag-enroll sa isang bagong Medicare na plano. Awtomatiko kang aalisin sa aming plano ng Medicare kapag nagsimula na ang iyong saklaw sa bagong plano. Ang iyong Medi-Cal na plano ay maaaring magbago.
--	--



Ang iyong mga serbisyo ng Medi-Cal

Para sa mga tanong tungkol sa kung paano pumili ng Medi-Cal na plano o kumuha ng iyong mga Medi-Cal na serbisyo pagkatapos mong umalis sa aming plano, makipag-ugnayan sa Health Care Options sa 1-800-430-4263, Lunes – Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-800-430-7077. Itanong kung paano makakaapekto ang pagsali sa ibang plano o ang pagbalik sa Original Medicare sa kung paano mo makukuha ang iyong saklaw ng Medi-Cal.

G. Paghingi ng tulong

G1. Ang aming plano

Narito kami para tumulong kung mayroon kang anumang mga tanong. Tumawag sa Customer Service sa mga numerong matatagpuan sa ibaba ng pahina sa loob ng mga araw at oras ng operasyong nakalista. Walang bayad ang mga tawag na ito.

Basahin ang *Handbook ng Miyembro*

Ang *Handbook ng Miyembro* ay legal at detalyadong paglalarawan ng mga benepisyo ng aming plano. Mayroon itong mga detalye tungkol sa mga benepisyo at bayarin para sa 2026. Ipinapaliwanag nito ang iyong mga karapatan at ang mga tuntunin na susundin para makakuha ng serbisyo at gamot na aming sinasaklaw.

Ang *Handbook ng Miyembro* para sa 2026 ay magiging available simula Oktubre 15. Available ang pinakabagong kopya ng *Handbook ng Miyembro* sa aming website sa blueshieldca.com/DSNPdocuments2026. Maaari ka ring tumawag sa Customer Service sa mga numerong matatagpuan sa ibaba ng pahina para hilingin sa amin na padalhan ka sa koreo ng isang *Handbook ng Miyembro* para sa 2026

Ang aming website

Maaari mo ring bisitahin ang aming website sa blueshieldca.com/DSNP2026. Bilang paalala, ang aming website ang may pinakabagong impormasyon tungkol sa provider at pharmacy na nasa aming network (*Direktoryo ng Provider at Pharmacy*) at Listahan ng Gamot (*Listahan ng mga Covered na Gamot*).

G2. Programa ng Pagpapayo at Adbokasya sa Insurance sa Kalusugan (Health Insurance Counseling and Advocacy Program, HICAP)

Maaari ka ring tumawag sa State Health Insurance Assistance Program (SHIP). Sa California, ang SHIP ay tinatawag na Programa ng Pagpapayo at Adbokasya sa Insurance sa Kalusugan (Health Insurance Counseling and Advocacy Program, HICAP). Matutulungan ka ng mga counselor ng HICAP na maintindihan ang iyong mga piniling plano at sagutin ang mga tanong

Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan ang Blue Shield TotalDual Plan sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. PT, pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang blueshieldca.com/medicare.



tungkol sa pagpapalit ng mga plano. Ang HICAP ay hindi konektado sa amin o sa anumang kumpanya ng insurance o planong pangkalusugan. Mayroong mga may sinanay na tagapayo ang HICAP sa bawat county, at libre ang mga serbisyo. Ang numero ng telepono ng HICAP ay 1-800-434-0222. Para sa karagdagang impormasyon o para makahanap ng lokal na opisina ng HICAP sa iyong lugar, puntahan ang www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling/.

G3. Programa ng Ombudsman

Makakatulong sa iyo ang Medicare Medi-Cal Ombudsman Program kung mayroon kang problema sa aming plano. Libre ang mga serbisyo ng ombudsman at available ito sa lahat ng wika. Ang Medicare Medi-Cal Ombudsman Program ay:

- sasagot sa mga tanong kung mayroon kang problema o reklamo at makakatulong sa iyo na maunawaan kung ano ang gagawin.
- tumitiyak na mayroon kang impormasyon kaugnay sa iyong mga karapatan at proteksyon at kung paano mo malulutas ang iyong mga alalahanin.
- hindi konektado sa amin o sa anumang kumpanya ng insurance o planong pangkalusugan. Ang numero ng telepono para sa Medicare Medi-Cal Ombudsman Program ay 1-855-501-3077.

G4. Medicare

Para direktang makakuha ng impormasyon mula sa Medicare;

- tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-877-486-2048.
- mag chat nang live sa www.Medicare.gov/talk-to-someone
- sumulat sa Medicare sa PO Box 1270, Lawrence, KS 66044.

Website ng Medicare

Maaari mong bisitahin ang website ng Medicare sa (www.medicare.gov). Kung pipiliin mo ang pag-disenroll sa aming plano at mag-enroll sa ibang Medicare na plano, ang website ng Medicare ay may impormasyon tungkol sa mga bayarin, saklaw, at iskor ng kalidad para mapagkumpara mo ang mga plano.

Mahanap mo ang impormasyon tungkol sa mga plano ng Medicare na available sa iyong lugar sa pamamagitan ng paggamit ng Tagahanap ng Plano ng Medicare sa website ng Medicare. (Para sa impormasyon tungkol sa mga plano, tingnan ang www.medicare.gov at i-click ang “Maghanap ng mga plano.”)

Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan ang Blue Shield TotalDual Plan sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. PT, pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang blueshieldca.com/medicare.



Medicare & You 2026

Maaari mong basahin ang *Medicare & You 2026* na handbook. Bawat taon sa panahon ng taglagas, ang booklet na ito ay ipinapadala sa koreo sa mga taong may Medicare. Mayroon itong buod ng mga benepisyo ng Medicare, mga karapatan at proteksyon, at sinasagot ang mga pinakamadadalas na tanong tungkol sa Medicare. Available din ang handbook na ito sa Spanish, Chinese, at Vietnamese.

Kung wala kang kopya ng booklet na ito, makukuha mo ito sa website ng Medicare na (www.medicare.gov/Pubs/pdf/10050-medicare-and-you.pdf) o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Dapat tumawag ang mga user ng TTY sa 1-877-486-2048.

G5. Departamento ng Pinapamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California

Responsibilidad ng Departamento ng Pinapamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California na pangasiwaan ang mga plano ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Kung may karaingan ka laban sa iyong planong pangkalusugan, tumawag ka muna ka sa iyong planong pangkalusugan sa **1-800-452-4413 (TTY: 711)** at gamitin ang proseso ng karaingan ng iyong planong pangkalusugan bago makipag-ugnayan sa departamento. Ang paggamit ng pamamaraan ng karaingang ito ay hindi nagbabawal sa paggamit ng anumang potensiyal na legal na karapatan o solusyon na maaaring available sa iyo. Kung kailangan mo ng tulong sa isang karaingan sa Medi-Cal na may kinalaman sa emergency, sa karaingan sa Medi-Cal kaugnay sa hindi kasiya-siyang paglutas ng iyong planong pangkalusugan, o sa karaingan sa Medi-Cal na hindi nalutas nang mahigit 30 araw, maaari kang tumawag sa departamento para sa tulong. Maaari ka ring maging karapat-dapat para sa Independent Medical Review (IMR) para sa mga benepisyo ng Medi-Cal. Kung karapat-dapat ka para sa IMR, magbibigay ang proseso sa IMR ng walang kinikilingang pagsusuri sa mga pagpapasyang medikal na ginawa ng isang planong pangkalusugan na may kaugnayan sa pangangailangang medikal ng iminumungkahing serbisyo o paggamot, mga pagpapasya sa saklaw para sa mga paggamot na pang-eksperimento o sinisiyasat pa lang at mga hindi pagkakaunawaan sa pagbabayad para sa mga pang-emergency o agarang serbisyong medikal. Mayroon ding toll-free na numero ng telepono ang departamento (1-888-466-2219) at TDD line (1-877-688-9891) para sa may kapansanan sa pandinig at pagsasalita. Ang internet website ng departamento ay www.dmhc.ca.gov.

Tingnan ang **Kabanata 9, Seksyon F4** ng *Handbook ng Miyembro* para sa higit pang impormasyon.

Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan ang Blue Shield TotalDual Plan sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. PT, pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang blueshieldca.com/medicare.



G6. Plano sa Pagbabayad ng Reseta ng Medicare

Ang Plano sa Pagbabayad ng Reseta ng Medicare ay isang opsyon sa pagbabayad na puwedeng makatulong sa iyong masubaybayan ang iyong mga gastusing mula sa sariling bulsa para sa mga gamot na saklaw ng aming plano sa pamamagitan ng pagkalat ng mga ito sa buong taon ng kalendaryo (Enero-Disyembre) bilang buwanang pagbabayad. Ang programang ito ay hindi para makatipid ka o mabawasan ang gastos mo sa mga gamot.

Ang “Karagdagang Tulong” mula sa Medicare at tulong mula sa programang tulong sa pharmaceutical ng iyong estado (state’s pharmaceutical assistance program, SPAP) at AIDS Drug Assistance Program (ADAP), para sa mga kwalipikado, ay mas kapaki-pakinabang kaysa sa paglahok lamang sa Plano sa Pagbabayad ng Reseta ng Medicare. Ang lahat ng mga enrollee ay karapat-dapat na lumahok sa programang ito, anuman ang antas ng kita. Para matuto nang higit tungkol sa programang ito, pakikontak kami sa numero ng telepono sa ibaba ng pahinang ito o bisitahin ang www.medicare.gov.





blueshieldca.com/medicare

Blue Shield of California 6300 Canoga Avenue, Woodland Hills, CA 91367-2555